IJMERI Journal

Volume 01 Issue 04 | November 2023 Article 17

**E- ISSN:** 2980-4760
**P- ISSN:** 2980-4752
DOI: 10.17613/18t8-dx91

# Kuwalitatibong Pag-aaral sa Sikolohiya ng "Sunod": Danas at Lakbayin ng mga Pangkat Biga

**Emalyn B. Puyoc**
ebpuyoc@ksu.edu.ph
Associate Professor 1, Kalinga State University
Kalinga, Philippines

**Gian Karla R. Buslig**
rgiankarla@gmail.com
Assistant Professor 1, Kalinga State University
Kalinga, Philippines

**Jemalyn Grace T. Mendoza**
jtmendoza@ksu.edu.ph
Instructor 1, Kalinga State University
Kalinga, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Puyoc, E., Buslig, G. K., & Mendoza, J. G. (2023) Kuwalitatibong Pag-aaral sa Sikolohiya ng "Sunod": Danas at Lakbayin ng mga Pangkat Biga. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 1*(4), 244-251. https://doi.org/10.17613/18t8-dx91.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon. An appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made are indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

International Journal of Multidisciplinary
Educational Research and Innovation

ORIGINAL ARTICLE

# KUWALITATIBONG PAG-AARAL SA SIKOLOHIYA NG "SUNOD": DANAS AT LAKBAYIN NG MGA PANGKAT BIGA

**Emalyn B. Puyoc[1], Gian Karla R. Buslig[2], Jemalyn Grace T. Mendoza[3]**

[123]*Kalinga State University, Kalinga, Philippines*




**Received:** August 2023
**Revised:** September 2023
**Accepted:** October 2023
**Available:** November 2023

## ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na mailahad at matukoy ang kahalagahan ng sikolohiya, implikasyon, at mga danas at lakbayin ng "Sunod" sa pangkat ng Biga at mga karatig tribo nito sa Tabuk City, Kalinga. Ang nasabing pananaliksik ay sumailalim sa Kuwalitatibo at Deskriptibong pag-aaral na nilapatan ng Sikolohiyang pagdulog, Sosyolohiya, at Etnograpiya, tinalakay ang mga kulturang kinagisnan ng isang pangkat. Mga piling "Pangat" o pinuno at matatanda sa pangkat Biga ang mga kalahok sa pananaliksik na nagbigay ng kani-kanilang mga karunungan, karanasan at lakbayin sa pagdalumat ng "Sunod" sa buhay. Ang resulta ng pag-aaral sa mga Ibiga at mga karatig tribo ay may maayos na ugnayan at mapayapang pamumuhay. Malakas ang tungkulin ng pamilya sa pagbibigay ng disiplina at pagtutulungan sa bawat miyebro. Lumitaw rin na hindi kailangang magkadugo ang maituturing na "sunod" kundi lahat ng katribo at mga karatig tribo. Dahil dito ay naiiwasan ang mga di-kanais- nais na kaganapan o mga kaguluhan sa pagitan ng bawat isa. Matatag na kanilang sinusunod ang kahalagahan ng relasyong "sunod" sa bawat araw ng kanilang pakikibaka sa buhay. Napatunayan din na malakas ang kapangyarihan ng mg "Pangat" o "Tribal elders" at ibang matatanda sa pagpapanatili ng kaayusan.

***Susing-salita:*** *sunod, kultura, sikolohiya, bain, ngilin, paniyaw*

## PANIMULA

Tumutukoy ang kultura sa kabuuang kaisipan, kaugalian, o tradisyon ng isang bayan o lugar. Isinasaad nito ang pamamaraan ng buhay. Mabisa itong kasangkapan sa pambansang pagkakaisa sapagkat naipapahayag ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa (tagaloglang.com). Ibig sabihin ang pakikipagkapwa ay maituturing na isang kultura at sikolohiya na may kaugnayan sa pamamaraan ng pamumuhay ng isang tao. Ang katutubo rin ay may mga dayalekto na ginagamit sa pagpapahayag ng kanilang kabuuang kaisipan at damdamin, paniniwala, at pag-asa na siyang bumibigkis sa kanilang kultura, na nagsisimula sa isang pamayanan o maliit na yunit ng pamilya na may ugnayan sa panlipunang kapaligiran.

Nilalayon ng sikolohiya ang isang larangan na pag-aralan ang mga proseso ng pag-iisip at pag-uugali ng isang tao. Gayundin, ang kanilang pakikipag-ugnayan sa pisikal at panlipunang kapaligiran.

Isa sa mga bahagi ng sikolohiya ang "Sunod" ng mga pangkat-etniko sa iba't ibang panig ng mundo. Pinaniniwalaang nagpapakita ng malugod na pagtanggap at pagkakaroon ng ikwalidad sa bawat isa. Datapwat iba-iba ang paniniwala, etnisidad at lahi nagkakaroon pa rin ng iisang layunin, propesyon, at bahaginan sa pare-parehong interes na nagpapakita ng matibay na pagbibigkis at kapatiran. Sa pamamagitan ng 'sunod' ipinapakita ang boluntarismo ng bawat isa sa anumang sitwasyon na

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

nararanasan ng tao. Tinukoy ng isang opisyal na pag-aaral sa Pilipinas tungkol sa boluntarismo at gawaing-pilantropo na ang mga pangunahing prinsipyo nito ay pakikipagkapwa, pagtutulungan, at kawanggawa (Fernan, 2002).

Nakapaloob din ang kagandahang-loob sa sikolohiyang “Sunod”. Pinatunayan ito ni Enriquez (1992), na ang kagandahang-loob ay isa sa mga pagpapahalagang Pilipino na bumubuo sa balangkas ng pagka-Pilipino. Nabanggit niya sa kanyang pagpapaliwanag ang dalawang katangian ng kagandahang-loob sa kapwa: a) kapwa o pakikipagkapwa; at b) dimensiyon na loob-labas. Ipinaliliwanag ni Enriquez na kailangan ng tao ang kapwa at pakikipag-ugnayan sa dimensiyon ng buhay. Isa ang mga katutubo na nagpapakita ng pakikipagkapwa, kagandahang-loob at pagtutulungan na tinatawag na “Sunod.” Ang pagkakaroon ng respeto sa katawagang “sunod” ay isang pagbubuklod at pagmamahal sa isa’t isa upang magpapatuloy ang maayos na pakikipamuhay sa kanilang lokalidad at sa kalapit na tribo o pangkat. Ang pagsunod sa kaugaliang “sunod” ay napakahalaga sa mga katutubo sapagkat ginagabayan sila ng paniniwala at moralidad na kinapapalooban ng Bain, Paniyaw, at Ngilin upang igalang at alagaan ang kapakanan ng bawat isa.

Ayon sa pag-aaral ni Ferdinand Dagmang na “Hiya: Daan at Kakayahan sa Pakikipagkapwa” nabanggit niya na ang mabuti at hindi mabuti, tama at mali, ay nahahalo sa mga karaniwang panlipunang pag-uugali at ugali ng mga indibidwal. Sa estado ng “sunod,” nakabubuo rin ng hidwaan sa isang grupo dahil sa kalabisang proteksiyon na ibinibigay ng mga katutubo. Hindi lahat ay may pakinabang ang “sunod” sa isa’t isa kundi humahantong rin ito sa mga sitwasyong nakasasama ng isang katutubo ganoon din sa tribong kinabibilangan.

Isa ang pangkat Biga at ang kanilang relasyon o ugnayan sa karatig tribo ang nagsasagawa ng “Sunod.” Kabilang ang tribong Ibiga sa mga grupo ng katutubo na nasa sa siyudad ng Tabuk, Kalinga.

Sa kanilang pamumuhay, maayos ang relasyon ng mga Ibiga (Balawag, Suyang at Amlao) sa mga karatig tribo tulad ng pangkat Ibutbut at Itongrayan sa Barangay Malin-awa sapagkat walang lamat o hindi pagkakaintidihang naganap sa kanilang pagitan sa dantaong lumipas dahil ang mga “Lalakay” at “Pangat” ay agad tumatalima kung mayroong suliranin ang mga katutubo sa kanilang pangkat.

Sa kadahilanang sila ay nagagabayan sa kahalagahan ng “Sunod”, nagiging susi ito ng pagmamalasakit sa mga katribo o kalapit barangay. Sinisimbolo rin nito ang pagmamahal sa kapwa, paggalang, at pagbibigay suporta lalo na sa oras ng pangangailangan. Isinasagawa sa ilalim ng bodong ang “Sunod” sa iba’t ibang suliraning nararanasan ng pangkat Biga sa kanilang karatig na tribo. Sa bawat karanasan at lakbayin sa buhay ng pangkat Biga at mga karatig tribo nito ay hindi nawawala ang “Sunod” sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.

Ipinakita ni Jose Antonio Clemente et al. (2008) na ang pagpapahalaga sa dimensiyong "Sarili-Grupo" ay nagpapakita ng kagandahang-loob sa kapwa sa loob ng "Sunod." Sa madaling salita, upang maipamalas ang "Sunod", hindi kinakailangang makipag-ugnayan kaagad sa isa't isa. Ang pagpapahalagang ito ay maaaring gamitin bilang gabay sa kung ano ang mga nararapat na pagkilos na dapat gawin, anuman ang pagkakaroon ng mga ito. Ito ay isang katangian na ipinakita ng isang indibidwal sa kanyang sarili.

Kaugnay nito pokus ng pananaliksik na mailahad at matukoy ang kahalagahan ng sikolohiya, implikasyon, at mga danas at lakbayin ng “Sunod” sa pangkat ng Ibiga at mga karatig Tribo nito sa Tabuk City, Kalinga.

## Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang layunin ng mga mananaliksik ay matugunan ang mga sumusunod:

1. Nailahad ang kahulugan ng Sikolohiyang “Sunod” sa mga katutubo Ibiga at karatig tribo.
2. Natukoy ang kahalagahan ng “Sunod” at implikasyon nito sa mga katutubong Ibiga at karatig tribo.
3. Nasuri ang mga Danas (karanasan) at lakbayin ng “Sunod” sa buhay ng mga katutubong Ibiga at karatig tribo.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Nakapokus ang pananaliksik sa Sikolohiya ng "Sunod": Danas at Lakbayin ng mga Katutubo. Ito ay sumailalim sa Kuwalitatibo at Deskriptibong pag-aaral na nilapatan ng: 1.) Sikolohiyang pagdulog na tumutukoy sa kagandahang asal at pag-uugali; 2.) Sosyolohiya, tinatalakay nito ang relasyon ng isang komunidad o pangkat; at 3.) Ethnograpiya, tinatalakay nito ang mga kulturang kinagisnan ng isang pangkat.

### Respondente sa Pananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang purposive sampling. Ang napiling impormante ay mga "Pangat", matatanda/pinuno sa pangkat Biga. Nagbigay ang mga kalahok ng kani-kanilang mga karunungan, karanasan at lakbayin sa pagdalumat ng "Sunod" sa buhay ng napiling tribo.

### Instrumento sa Pananaliksik

Nakipanayam at nagkaroon ng malayang talakayan ang mga mananaliksik sa mga impormante upang malaman ang kahalagahan ng dayalektong "Sunod" sa kanilang buhay. Nag-obserba at nakipamuhay rin ang mga mananaliksik sa tribo ng mga impormante upang masubaybayan ang gamit ng 'Sunod" sa kanilang pakikipagsapalaran sa bawat araw. Bukod dito, gumamit rin ng ng mga audio at vidyo upang mai-rekord ang mga sinalaysay ng mga impormante hinggil sa "Sunod".

## RESULTA AT DISKUSYON

**Sikolohiya ng Sunod**

Natatanging kagandahang asal ng mga Pilipino, ang pakikipagkapwa. Ang paggawa ng kabutihan at pagtulong sa mga kamag-anak, mga katribo at karatig-tribo. Hangarin ng mga mamamayan na mamuhay nang payapa at malayo sa panganib.

Ang kagadahang asal na ito ay litaw sa tatlong pangkat dahil sa pagsunod nila sa kanilang "pagsusunudan" o ang kahalagahang kapatiran. Nabuo ang tatlong pangkat dahil sa paghahanapbuhay, naramdaman ng tatlong pangkat ang malasakit sa isa't isa bilang isang manggagawa sa kadahilanang maganda ang ipinakita ng pangkat Biga sa kanila, di –naglaon nakipagsapalaran ang pangkat Ibutbut at Itongrayan sa Lungsod ng Tabuk, nanirahan sila sa mga karatig lugar na malapit sa mga Ibiga. Naging mainit ang pagtanggap ng bawat isa at nagkaroon ng pagbubuklod at sila'y napabilang sa barangay Amlao noong unang panahon. Ngunit sa paglipas ng panahon ay nahati-hati ang barangay Amlao sa apat na Barangay tulad ng barangay Amlao, barangay Suyang, barangay Balawag at barangay Malin-awa.

Ayon kay Virgilio Enriquez (1992), "The concept of kapwa refers to the recognition of a shared identity or inner self. In contrast to other modern languages, the Filipino language has a singular unity of the self and the other. Ipinaliwanag niya ang pagkakaroon ng pakikiramay sa kapwa. Halimbawa nito, pagpapahayag ng saloobin sa kapwa at masinsinang pakikinig ng pinagpapahayagan ng saloobin. Sa kabilang banda, kailangan ng tao ang kapwa sa pakikipag-ugnayan ng sarili.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Mga Danas at Lakbayin**

Bawat pangkat ay may layuning katang-tangi at may ipinamanang lahi na hitik sa karunungan, kultura, at sining. Nabubuhay sila sa mga bulubunduking lugar na palaging nalalagay sa bingit ang kanilang pamumuhay at pag-iral, ngunit dahil sa sikolohiyang "sunod" o paniniwala ng pangkat, naiiwasan ang mga ganitong pag-iral sa mga katutubo. Malaki ang kanilang respeto at paniniwala sa isa't isa kahit patuloy ang hamon ng nagbabagong mundo. Nailalapat ang "Sunod" sa mga nakaukit na sari-saring pasalitang tradisyon, wika, mga ritwal at pagdiriwang, sistema ng kaalaman, mga likhang sining at iba pa.

Nailahad ng mga tagatugon ang kanilang danas at lakbayin sa kahalagahan ng "sunod." Isa na rito ang maayos na pakikitungo ng pangkat Biga sa kanilang pamumuhay. Ngunit sa pang-araw-araw na pakikibaka ay hindi maiiwasan na may mga kaguluhan na nagaganap lalo na sa mga kabataan. Ito ay karaniwan lamang na problema sapagkat ito ay inihahalintulad sa isang pamilya na may hindi pagkakaunawaan at ito'y agad na inaayos ng mga magulang o nakatatanda.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ang paggawa nang mabuti at masama ay nakaangkla sa Bodong System. Ito ay binuong mga alituntunin at patakaran upang maging gabay sa kanilang pamumuhay. Maingat din nilang sinusunod at minamatiyagan ang tatlong pangunahing pagpapahalaga ng mga Ikalinga. Ito ay ang bain, ngilin at paniyaw.

Ang Bain (shame) ay kanilang binigyan ng kahulugan na huwag gumawa ng masama tulad ng paglalasing sa mga okasyon. Ang pagiging tamad o hindi pagsuporta sa pangangailangan ng pamilya. Ang pasigaw o pagsigaw sa mga biyenan at nakatatanda ay pagpapakita rin ng bain at ang pakikipag-away sa mga "in-laws" ay isang kahiya-hiyang pag-uugali na kailangang gumalang sa abot ng makakaya.

Ang Hiya ay pag-alerto sa isang tao kung gumawa ng di-kanais-nais na gawaing hindi tanggap sa kanilang pangkat. (Gilbert, 2003; Hartley et.al, 2004). Bilang karagdagan, ang hiya ay matatag na kaakibat ng hindi pagtanggap ng relasyong estratehiya (Brown, 2012) at nakapagpapababa ng pagkatao (Lundberg, et.al, 2009). Nabuo sa puntong ito ng literature ng "Shame Resilience Theory". Ito ay pagbalangkas sa estratehiya ng pagkaya at pag-unawa sa hiya upang malampasan ang negatibong epekto ng hiya.

Isa ring pag-uugali na nagiging gabay sa "sunod" ay ang paniyaw (disgrace). Ang mga matatanda ay magbigay ng mga di kanais-nais na gawi tulad ng pagnanakaw. Ito ay pagkuha ng isang pag-aari, hayop, pera, at iba pang gamit na walang paalam. Ang pagpatay ay isang mabigat na krimen. Isa pa na binigyan nila ng diin ay ang pag-agaw ng ari-arian o mga kayamanan. Paniyaw rin ang "dagdagas" o "pangangabit sa may asawa." Ang panggagahasa at pagsasalita ng masasama ay hindi rin kanais-nais. Ang paggawa ng mga masasama ay may mga kaakibat na parusa nito.

Ang ikatlong pagpapahalaga ng mga katutubo sa pagiging matatag at maayos na relasyon ng kanilang "pagsusunudan" ay Ngilin. Mangilin (Prohibition or to prevent). Ito ay ang pagmamatiyag sa mga sumusunod: una, huwag mangaliwa o "It is forbidden (mangilin) to commit adultery"; ikalawa, sa panahon ng pagdadalamhati ang namatayan ng asawa ay kailangang manatili sa loob ng bahay at isang kawalang galang sa namatay na asawa maging sa mga kamag-anak at karatig lugar kung siya ay lumalabas ng bahay na walang mabigat na dahilan; ikatlo, ipinagbabawal sa "nabalo" ang muling pag-aasawa na hindi pa lumipas ang isang taon. Sa oras na lumabag ang nabiyudo/nabiyuda at ang bago niyang asawa ay kailangang magmulta; ikaapat, ipinagbabawal ang pagkitil ng sariling buhay dahil ang ating buhay ay para lamang sa Panginoong Diyos; ikalima, ang asawa ng isang buntis ay dapat hindi

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

pumupunta kung saan-saan tulad ng pagpunta sa gubat sapagkat ito ay masamang pangitain na maaaring magdulot ng masama sa kanyang buntis na asawa o sa kanyang ipinagbubuntis.

Hindi nakakagulat na ang "Sunod" ay nakabatay sa kapwa at pakikipagkapwa, ayon kay Enriquez sa kanyang teorya ng kapwa (eg. Yacat 2013). Ang sistemang ito, ayon sa teorya ni Enriquez, ay binubuo ng mga pagpapahalagang Pilipino. Ang bawat elemento ay may malaking ugnayan sa isa't isa dahil ito ay isang sistema. Sa gitna ng sistemang ito ay ang kapwa, na tinukoy ni Enriquez bilang core value o buod ng pagpapahalaga, at ang "Sunod", na tinukoy niyang "linking socio-personal value" o "pagpapahalagang tulay ng sarili at lipunan" (Yacat 2013).

Dahil sa pagsunod ng mga katutubo sa kahalagahan ng “sunod” ay panatag ang kalooban ng mga mamamayan na ang bawat panauhing mapapadpad sa kanilang lugar ay makakauwing ligtas. Nagbigay ang mga tagatugon ng mga pangyayari na nagpapakita ng paggalang sa mga dayuhan: una, may dalawang taga-Sadanga, Mt. Province na napadpad sa lugar ng mga Biga. Tinulungan ng mga katutubo ang dalawang nagmula sa ibang tribo upang makapaghanapbuhay sa kanilang mga bukirin; pangalawa, ang pagpunta ng grupo ng mga katutubong Butbut sa Barangay Amlao at Barangay Suyang upang gumawa ng mga pilapil na magiging palayan; pangatlo, ang mga dayuhang nagmula sa hindi nila ka-Bodong ay malayang magtinda ng kanilang mga produkto sa kanilang lugar.

May mga isyu na nararanasan ang mga Ibiga na kanilang isinalaysay sapagkat walang naidokumento sa mga ito. Ayon sa mga matatanda, ang bawat suliranin ay may nakalaang solusyon. Maraming beses na nasubok ang relasyon ng mga Ibiga sa bawat isa at ganoon din sa kanilang mga karatig na tribo.

**Narito ang ilang suliranin na inilahad ng mga tagatugon:**

May grupo ng mga kabataan na Ibiga at Ibutbut ang nagkaroon alitan dahil sa sobrang kalasingan. Ang mga matatandang Ibiga ay dumulog sa mga Peace-Pact Holder ng Butbut upang pag-usapan ang nangyari sa mga kabataan. Sa pag-uusap ng mga matatanda ay napagkasunduan nilang mapaparusahan ang mga kabataang nakagawa ng kasalanan. Tinanggap ng mga pamilya ng kabataang Ibutbut ang pagbibigay ng parusa na ang katumbas ay isang kalabaw na siyang kabayaran sa kanilang kasalanan. Ang kalabaw ay kakatayin din ng mga Ibiga na kanilang pagsasaluhan upang mapagaan ang kanilang kalooban.

May ilang kabataang kalalakihan na nagnakaw ng baboy sa isang lugar. Sa paghahanap ng mga nanakawan ay natuklasan nila ang mga nagnakaw. Dahil dito, inilapit ng mga nanakawan sa mga matatanda ang suliranin. Ang mga nagnakaw ay nagmulta ng isang baboy at 2,000.00 na kanilang ibinigay sa nanakawan.

Ang pagnakaw ng dalawang kaban na palay sa isang kamalig. Ang pagnanakaw na ito ay walang makapagsabi kung sino ang gumawa kaya napagkaisahan ng mga matatanda na isagawa ang “sapata.” Ang “Sapata” ay isinasagawa ng sinoman na hindi siya gumawa ng kasalanan at kung siya’y nagsisinungaling siya’y parurusahan ni kabuniyan at siya ang makararanas ng isang sumpa. Ito ay isang kaugalian na pinaniniwalaang mapaparusahan ang taong nagsisinungaling o ayaw tanggapin ang kasalanan.

May grupo ng kalalakihan na sinabihan ng bastos na salita ang isang dalaga. Isinangguni agad ito ng dalaga sa mga matatanda. Nagmulta ang mga kalalakihan sa dalaga, dahil sa ginawa nilang mali.

Ang bawat isyu na nararanasan ng mga katutubo ay nagtutulungan ang bawat isa na bigyan ng solusyon. Malaki ang katungkulan ng mga pinuno sa tribo na bigyan ng solusyon o maging tagapagpaganap at tagapagdaloy upang maayos ang problema. Sa puntong may napakabigat na

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

krimen na nangyari sa komunidad ay ibinibigay ang desisyon sa mga biktima na idaan sa korte. Ang mga pinuno at tagapagdaloy na tumulong upang hindi lumala ang problema.

**Pamilya**

Ipinapakita ng "Sunod" ang matibay na pagbibigayan at pag-uunawa sa isa't isa ng isang pamilya. Sapagkat inilahad ng mga tagatugon ang tungkulin ng panganay na anak sa kanyang mga kapatid na kailangan niyang makapag-aral at magkakaroon ng matatag na trabaho upang matulungan niya ang kanyang mga kapatid sa kanilang pag-aaral. Dagdag pa, ang sitwasyon na isinasagawa ng mga katutubo noon ang pagpili ng magulang sa mapapangasawa ng kanilang mga anak sa kanilang malayong kamag-anak upang hindi mawala o lumayo ang kanilang relasyon. Ito ay pagpapakita ng maluwalhating pagsunod ng mga anak sa desisyon ng kanilang mga magulang. Ngunit ang kahinaan nito ay hindi makapili ang anak ng taong kanyang mapapangasawa kaya't hindi na isinasagawa sa kasalukuyan.

**Pamayanan**

Matatag ang pundasyon ng "Sunod" sa pamayanan. Ang mga "Pangat" o pinuno ay malakas ang kapangyarihan upang lutasin ang mga suliranin na kinabibilangan ng mga kasangkot sa karatig tribo.

**Lipunan**

Ang katatagan ng "Sunod" sa lipunan ay likas sa mga katutubong Ibiga sapagkat sila ay nakikihalubilo at nakikipamuhay sa karatig tribo dahil sa pagpapahalaga nila sa relasyong "Sunod." Itinuturing ng bawat isa na "Sunod" ang isang tao kahit na hindi sila magkadugo o magkamag-anak. Dahil sa "Sunod" ang mga tao ay hindi basta-bastang gumagawa nang masama sa kapwa.

Ang labis na pagpapahalaga sa "sunod" ay nagdudulot din nang hindi mabuting relasyon sapagkat may pagkakataon na tinutulungan nila ang kanilang kamag-anak na nakagawa ng hindi katanggap-tanggap sa tribu na kanilang kinabibilangan. Ang ganitong sitwasyon ay mahirap sa panig ng mga kamag-anak ngunit malakas ang boses ng mga matatanda/pinuno na payuhan ang nagkasala na maging mapagpakumbaba at baguhin ang masamang ginawa.

Sa bawat pagkakasala ay kailangang tanggapin ang napagkaisahan ng mga matatanda na multa o parusa upang maayos ang ginawang pagkakamali. Ipinakita sa sitwasyong ito ang pantay na pagtrato sa bawat mamamayan. Naiiwasan ang pang-aapi sa isang tao lalo na kung mahirap ito dahil sa tulong ng mga pinuno sa pamayanan.

Ang "sunod" ay nakahihilom ng mga hindi pagkakaintindihan, masakit na karanasan sa nakaraan sapagkat ang bawat isa ay nakikita at naoobserbahan ang kanyang pananaw at kilos dahil dito mararamdaman ng bawat isa ang suporta at pagmamahal na hindi siya nag-iisa. Sa kabuuan, mabubuhay muli ang malakas na kamalayang loob at kalakasang motibasyon na mabuhay nang mapayapa.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## KONKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, nagkaroon ng konklusyon ang mga mananaliksik ayon sa mga sumusunod na layunin: 1) Nailahad ng mga kalahok ang gamit ng "Sunod" sa kanilang Tribo. Ang "Sunod" ay isang salitang ginagamit ng pangkat Biga at karatig Tribo nito na ang ibig sabihin ay "Brother/ Sister". Inilalarawan nito ang kanilang pagkatao, pakikisalamuha sa ibang mga tribo, at mga lakbayin sa buhay na kanilang nararanasan. 2) Naipaliwanag nang mahusay ang kahalagahan ng "sunod" sa pamumuhay ng mga Ibiga at sa kanilang karatig na tribo. 3) Natalakay ng mga tagatugon ang mga dahilan ng matatag na relasyon ng mga Ibiga sa bawat isa at sa kanilang karatig na tribo. 4) Napatuyan na malaki ang tungkulin ng mga matatanda/pinuno ng tribo sa pagsunod sa kahalagahan ng "sunod". Napatunayan ring malaki ang papel ng "sunod" sa pagkatao ng mga katutubo.

## MGA SANGGUNIAN


Dagmang, F.D. (1994). Babaylanism Reconsidered. Diliman Review 42, # 1: pp. 64 -72

Enriquez, V.G. (1992). From Colonial to liberation Psychology. The Philippine Experience. *U.P. Press. Q.C. https:// kapwacollective.thumbler.com/*

Enriquez, V.G. (1978). Kapwa: A Core Concept in Filipino social psychology. *Philippine Social Sciences and Humanities Review, 42* (1-4), 100-108.

Fernan, R.L. III. (2002). "Giving and Volunteering." In L.V. Carino (ed.), Between the State and the Market: The Nonprofit Sector and Civil Society in the Philippines. Quezon City: Center for Leadership, Citizenship, and Democracy. University of the Philippines.

Yacat, J.A. (2013). Tungo sa isang mas mapagbuong sikolohiya: Hamon sa makabagong Sikolohiyang Pilipino. DALUYAN: *Journal ng Wikang Filipino, 19*(2), 5-32.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.